PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 20 NO. 30 SEPTEMBER 20 - 26, 2021 P10.00

# JAPANESE-DESIGNED BASIN SA CAVITE, PINASINAYAAN

Ang Japanese-designed retarding basin sa Imus, Cavite ay pinasinayaan noong Huwebes, ayon sa Japanese Embassy sa Maynila.

Ang proyekto, na idinisenyo upang mapagaan ang pinsala ng baha sa mga mababang lugar, ay bahagi ng Flood Risk Management Project para sa Imus River na pinondohan ng Japan's official development assistance.

Ang Imus Retarding Basin ay may kasamang 84-meter overflow dike, nakatayo sa average na tatlong metro ang taas na may 1.3 na kilometro ng nakapalibot na dike at 1.1 na kilometro ang naghihiwalay na dike.

Ang mga retarding basin ay itinatayo upang pansamantalang maiimbak ang karamihan, kung hindi lahat, ng tubig-ulan tuwing panahon ng matinding pag-ulan at pagkatapos ay unti-unti lalabas sa isang regulated flow rate.

Kasama rin sa proyekto ang isa pang retarding basin sa Bacoor na makukumpleto sa 2021, batay sa master management plan para sa Imus River na inihanda ng Japan International Cooperation Agency (JICA).



Sa seremonya ng pagpapasinaya sa Imus, sinabi ni Ambassador Koshikawa Kazuhiko na ang wastong operasyon at pagpapanatili ng unang retarding basin na ito ay magsisilbing, "key in demonstrating its full capability in the long run."

## SPUTINK V SECOND DOSE VACCINATION, INUMPISAHANG IPAMAHAGI SA TAGAYTAY

Umarangkada na ang pagkakaloob ng ikalawang dose ng bakunang Sputnik V sa Tagaytay nitong Biyernes, Setyembre 24.

Ginanap ang naturang pagbabakuna bandang alas-2 hanggang alas-4 ng hapon sa Tagaytay International Convention Center na itinalagang vaccination site sa lugar.




Alinsunod ito sa naipabatid na ulat ng Tagaytay City Health Office ukol sa sinimulang pagbabakuna sa mga recipient nito.

Inaasahan na magpapatuloy ang pagbabahagi ng p r o t e k s y o n g pangkalusugan sa lugar upang maiwasan ang pagdami ng COVID-19 cases sa lugar.

## PAG-AALIS NG MGA FISHING STRUCTURES SA CAVITE, ITUTULOY NG DENR

Itutuloy na ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) ang demolisyon ng mga umano'y "ilegal" na istruktura sa pangingisda, tahungan, at talabahan kagaya ng mga sapra at baklad sa probinsya ng Cavite matapos nilang makumpleto ang bilang nito.

Maglalabas na ang departamento ng Notice of Demolition, ayon kay DENR-Calabarzon regional director Nilo Tamoria.

Batay sa kaniya, aabot sa 954 "ilegal" na istruktura ang kanilang nabilang at mahigit 400 dito ay tahungan ngunit makikipag-ugnayan pa umano ang DENR sa mga lokal na pamahalaan sa Cavite upang i-regulate ang mga tahungan sa kanilang mga lugar.

Aniya, pasok na ipwesto ang mga tahungan sa category ng dagat sa Cavite, na "SB" o "swim and bath", ngunit dahil masyadong marami na ang mga istruktura nito sa lugar ay kailangan nang ayusin.

"Sa SB quality level ng tubig, tatlo lang ang puwedeng activities. Sa fishery, yung mussel production lang ang puwede tsaka honing ng fry... May regulasyon din yan based sa Fisheries Code. Dahil nagkakalat na, sinasabi naman nila di nila iniisyuhan ng permit, pero sa context ng SB quality of water, puwede yung tahungan... I-regulate lang in such a way na talagang ma-zonify yung use ng city water which is the mandate ng LGU," ani Tamoria.

"Yung fish cages, nagde-depend yung kinulong mong mga isda sa feeds. So impact agad yun sa quality ng tubig kaya nga di ina-allow yun sa isang area na SB ang category," paliwanag pa niya.

Samantala, patuloy ang panawagan ng mga maliliit na mangingisda at iba pang grupo sa tanggapan ng DENR na huwag nang ituloy ang demolisyon, na makakaapekto sa kanilang pangkabuhayan.

## LIBRENG PAG-IBIG, PHILHEALTH REGISTRATION, HANDOG NG SILANG LGU

Nagkaloob ng libreng Pag-ibig at PhilHealth registration ang Silang LGU sa mga residente nito kamakailan.

Tinatayang higit 300 na mamamayan mula rito ang nakapag-apply para sa naturang programa batay kay Silang Mayor Corie Poblete.

"Higit nating pinalapit ang registration ng Pag-ibig at PhilHealth sa ating mga kababayan upang mabigyan ng oportunidad ang lahat na mag apply sa ganitong programa," ayon kay Mayor Poblete.

Layon ng nasabing programa na makapaghatid ng libreng pamamaraan ng pagpaparehistro sa mga benepisyaryo ng naturang programa.

"Hatid nito ang libre, maayos at totoong serbisyong kailangang kailangan ng bawat isa. Naabot natin ang mahigit 300 na mga Silangueño mula sa ARENGkadang paglilingkod ng Pamahalaang Bayan ng Silang," dagdag ng alkalde.



## 2 FOREIGNERS, PINAY, ARESTADO SA BUY-BUST SA GENERAL TRIAS

Dalawang dayuhan at isang Pinay ang arestado sa buy-bust operation na isinagawa sa General Trias, Cavite, ayon sa Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) nitong Martes ng gabi, Setyembre 21.

Sinabi ni PDEA Director General Wilkins M Villanueva na ang operasyon ay nagresulta rin sa pagkumpiska ng halos P3.4 milyong halaga ng shabu.

Kinilala ni PDEA-3 Regional Director Bryan Babang ang mga suspek bilang sina Stephen Michaels (Ghanian national), 36; Agbe Monday Patrick (Nigerian national), 27, at ang Pinay call center agent na si Roca Kaylene Glynnis Mejia, 30.

Nakumpiska ng mga awtoridad ang isang resealable na plastic bag na naglalaman ng 500 gramo ng hinihinalang shabu, isang caliber .45 pistol na may pitong bala, isang cellular phone, isang unit na sasakyan na Nissan Almera at markadong pera mula sa mga suspek.

Ang naturang operasyon ay isinagawa ng PDEA Pampanga, PDEA Bulacan, PDEA 4-A, Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) Pampanga at General Trias Police Station.

ACCEPTING ADS - 0928-4682788 * E-mail add: pahayagangkabitenyo@Yahoo.com

## Mali ang pagbuhat, kaya masakit ang likod at tuhod

**DOC WILLIE - Dr. Willie T. Ong**

Kaya sumakit ang likod, baywang, tuhod at talampakan, dahil madalas ay hindi natin napapansin na mali ang paraan sa pagtatrabaho. Kaya heto ang tamang ga-gawin:

1. Sa pagbuhat ng balde. Maling gawi: Mabigat ang binubuhat na balde ng tubig o basang damit. Tamang paraan: Hatiin ang laman ng balde kapag bubuhatin para kalahati lamang ang bigat ng dinadala.

2. Sa pagbubuhat ng pinamalengke, sumasakit ang likod.Maling gawi: Napakabigat ng dala o pinamalengke.

Tamang paraan: Gumamit ng may gulong na bag. Hatiin ang bigat sa kaliwa at kanang kamay. O magdala nang maraming bag.

3. Sa pagtatanim o pag-aalis ng damo sa bakuran, sumasakit ang likod at tuhod. Maling gawi: Nakayuko

Tamang paran: Kumuha ng mababang silya at umupo habang nasa garden.

**Ilan pang tips:**

1. Kapag may inaabot na mataas, gumamit ng mahabang sungkit o stepper o ladder.
2. Gamitin ang buong katawan sa pagkilos, kailangang grupo ng muscles at hindi puro likod ang gamit.
3. Gumamit ng tamang lambot ng sapatos tulad ng rubber shoes. Dahil kapag matigas ang tapakan sasakit ang sakong at talampakan.
4. Mag-stretching muna sa umaga bago magsimula sa magtrabaho.
5. I-schedule ang trabaho. Halimbawa: 1 araw sa pag-lalaba, 1 araw sa paglilinis ng bakuran. Ito ay para maka-pahinga ang masel na ginamit sa isang gawain.
6. Pansinin palagi na tama ang posture, pag-upo at pagtayo. Idiretso lagi ang likod. Huwag kuba

## AirAsia ties up with DICT for travelers' vax verification

CEBU CITY – AirAsia Philippines announced on Thursday it has partnered with the Department of Information and Communications Technology (DICT) to enable a seamless verification of vaccine information on the airline's app.

This is an effort to make air travel better and even safer in the new normal, a statement from the company said.

The Travel Health Icon will soon be available to all passengers through AirAsia's Super App, and its website for desktop users. Under the new integrated system, verified vaccination information of guests will be uploaded on the app through the Department of Health's (DOH) VaxCertPH.

The DICT recently developed VaxCertPH for the DOH to help verify legitimacy and certify a passenger's vaccination status. This is also in compliance with the World Health Organization's guidelines on the issuance of digital vaccine certificates.

"This is our way of supporting the immediate and swift recovery not only of the airline industry, but the country's tourism sector as a whole. It further defines the digital direction of our company. We will continue to create and develop system enhancements which will level up the digital travel experience of our guests," company chief executive officer Ricky Isla said.

Aside from making travel experience smooth, this digital verification system is also seen to add another layer of security and safety across all domestic flights and airports in the country, especially now that leisure travel has started to pick up following the reopening of borders for travelers from the National Capital Region.

The trial phase of this system here in the Philippines will commence in October in time for the expected influx of passengers homebound for the holidays these "ber months," (PNA)

8725-2200 • 8570-9115 • 8726-5011 • 8570-9118 • 8723-8738

DATA IMAGES PLUS
Automation Phil. Inc.



imagistics TOSHIBA hp FUJI xerox olivetti Triumph-Adler

VERGEL C. DALUZ
0933-0465033 / 0927-2327276
Tel. No. (02) 8726-5011
email: vergel.daluz@yahoo.com

# EDITORYAL
## Huwag magmadali sa face-to-face classes

Tama ang sinabi ng isang grupo ng teachers na hintayin na muna ang isang taon bago magkaroon ng face-to-face classes. Sa ngayon, delikado pa kung magkakaroon ng face-to-face kahit pa sabi-hing gagawin iyon sa low risk area o sa mababa ang kaso ng COVID-19. Isa pa, marami sa mga guro ang hindi pa bakunado at ganundin ang mga bata.

Noong Lunes, sinabi ng Department of Education (DepEd) na magkakaroon na ng face-to-face classes sa 120 eskuwelahan makaraang pumayag si President Duterte, ganunman, gagawin lamang ito sa mga lugar na may mababang kaso ng COVID-19. Sa 120 school na kasali sa face-to-face, 20 rito ang pribado. Hindi pa alam kung kailan sisimulan ang face-to-face classes.

Nakakapagtaka naman kung bakit masidhi ang pagnanais ng DepEd na magkaroon na ng face-to-face gayung kasagsagan pa ng pagdami ng kaso ng COVID. Kahit ba sabihing sa mga lugar na mababa ang COVID ito gagawin, walang kaseguruhan kung hindi magbabago ang dami ng kaso sa lugar.

Ayon naman kay DepEd Secretary Leonor Briones, ang mga lalahok na school sa face-to-face ay nararapat pumasa sa safety assessment ng DepEd. Kina-kailangan din na may pahintulot ng lokal na pamahalaan ang pagsali ng school. Kailangan din na mayroong sulat mula sa magulang ng estudyante na pumapayag siyang pumasok muli sa school ang kanilang mga anak. Sabi pa ng DepEd secretary, kailangang may sapat na pasilidad ng mga paaralan para magpatupad ng mga health protocol. Kapag daw sa lugar ay may hawahan, posibleng itigil ang face-to-face.

Dalawang beses nang sinansala ni President Duterte ang pagdaraos ng face-to-face classes dahil ayon sa kanya, ayaw niyang malagay sa alanganin ang buhay ng mga bata. Magtiis na lang muna sa distant learning. Pero bakit ngayon, pumapayag na siya? Nasaan na ang pag-aalala niya sa kalusugan ng mga bata? Noong nakaraang buwan, maraming bata ang naospital nang tamaan ng COVID.

Mas maganda kung ituloy ang face-to-face kung bakunado na lahat. Kung gagawin ngayon, posibleng ang maka-face-to-face ng mga bata ay virus. Nasu-bukan na ang online classes at pamamahagi ng printed- modules kaya ito na muna ang paigtingin.

DUGONG ALAY, DUGTONG BUHAY




**EDITOR'S NOTE:**
All comments and opinions submitted by our contributing writers and herein published shall remain as personal opinion of our column writers. Viewliner shall not be held liable to any legal issues related to any commentaries that may appear herein.

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558

An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at 147 Panapaan IV, Bacoor, Cavite.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com.
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003

PAPER.Ph MEMBER

ERNA M. BALAGTAS
Publisher

DIOSAN MARUAL
KCEE NACION
Marketing & Circulation Manager

DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.
Editor-In-Chief

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |

## PH Azkals, Thailand headline Group A in AFF Suzuki Cup

MANILA – The Philippine Azkals have been grouped with Thailand during the group stage draw for the AFF Suzuki Cup at the AFF headquarters in Kuala Lumpur on Tuesday.

The Azkals and the Thais are expected to cruise through Group A, which also includes Myanmar, Singapore, and the winner of the qualifying match between Brunei and Timor Leste.

Although they ended up with Thailand, which has ruled the event five times already, the Azkals dodged defending champion Vietnam as the latter joins Malaysia, Indonesia, Cambodia, and Laos in Group B.

Supposed to be played last year but was postponed to Dec. 5, 2021 to Jan. 1, 2022 due to the coronavirus disease 2019 pandemic, the Suzuki Cup will begin with the home-and-away group stages.

The top two teams per group will enter the crossover semifinals, which will be played in a couple of two-match home-and-away series.

The winning semifinalists will slug it out in the two-legged championship series to decide the champion.

2018 all over again

With the Azkals, Thailand, and Singapore being grouped again and the possibility of Timor Leste repeating over Brunei, it was almost like the scene in the 2018 group stages.

"Ironically the last time we played in the Suzuki Cup, we had Singapore, Timor-Leste, who could be there, and Thailand with the only difference is Indonesia, which is in the other group. It's almost like a replay of 2018," Head Coach Scott Cooper said upon reacting to the group draw results.

The Azkals and Indonesia have been placed in Pot 3 of the group draw, assuring that both teams will go separate ways in the group stage play.

Further looking at the draw results, Cooper added, "I think as far as the draw goes, it's an interesting one. I never want to say I'm pleased with the draw but I'm not disappointed with the draw."

He, however, conceded that Thailand, which has won the championship five times already, will likely top Group A.

"For sure Thailand will be the top team in the group you can expect that from them. It's interesting for me because I know Thailand so well and the players too," added Cooper, who previously managed Thai League 1 sides Buriram, Muangthong, and Police Tero as well as Ubon, which at the time he was appointed coach in 2015 was playing in the third division.

Meanwhile, despite the Azkals being tipped to take the other semifinal spot for Group A, Cooper believes Singapore, Myanmar, Brunei, and Timor Leste will give them a fight.

"Singapore are always well organized and Myanmar always has talent, and you have both Brunei and Timor-Leste, two teams that will fight," he further said.

He then took the case of Timor Leste, which the Azkals narrowly escaped in the 2018 Suzuki Cup.

"We learned that against Timor-Leste in the last Suzuki Cup, they were really well-coached, they pressed us and we narrowly escaped that game with a 3-2 win. I don't think you can treat any team lightly," Cooper added.

Meanwhile, Team Manager Dan Palami expressed hope that the Azkals would still get its best players for the Suzuki Cup.

The tournament has been known for playing outside of the FIFA international window.

Professional football clubs are not required to temporarily send off their players for national team duty if the footballers will play in an event outside of the FIFA window, that is, the teams can opt to keep their international stars from joining their national teams that are scheduled to compete outside of the window.

"Hopefully, we get the best players available even though the tournament is outside the FIFA international window," Palami said.

He added that even if they are placed in a light group, the end goal of beating the traditional title contenders remains.

"The draw doesn't really matter as we still need to beat the best teams to win the Suzuki Cup," Palami said. (PNA)




## GUHIT NG KAPALARAN

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Sa regular na meditation practice, gising ang iyong subconscious mind. Makakaakit ng important investor. Sa sipag at tiyaga, mababago ang buhay mo. Lucky numbers at color for the day ang 16, 47, 32, 52, 26 at ruby red.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Makikilala ang soulmate sa pagsali sa inyong simbahan. Patuloy ang pag-akit ng good events. Lucky numbers at color for the day ang 38, 26, 52, 47, 12 at vanilla brown.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Mag-ikapu, ito ang paraan para magpatuloy ang flow ng good things sa buhay mo. Love your enemies. Lucky numbers at color for the day ang 36, 48, 22, 53, 16 at amethyst violet.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) Nasa karanasan ang lahat na effect ng gawa. Ikaw ang unang makakatulong para matupad ang mga pangarap. Lucky numbers at color for the day ang 15, 31, 25, 42, 55 at tangerine.

AQUARIUS: (Ene. 20-Peb. 18) Kumunsulta sa taong pinagkakatiwalaan para sa wastong gabay sa iyong career decision. Lucky numbers at color for the day ang 11, 42, 33, 26, 55 at citrine yellow.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Ang katuwaan ay maaaring mauwi sa pagkakapikunan. Kaya mabuti pang manahinik na lang. Lucky numbers at color for the day ang 15, 37, 22, 41, 52 at fire red.

ARIES: (Mar. 21-Abr. 19) Ikaw ang winner sa katuparan ng pangarap. Dahil mararanasan ang bunga ng mga pinaghirapan. Lucky numbers at color for the day ang 55, 32, 26, 12, 22 at lavender.

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) Makikita sa facebook ang childhood sweetheart. Pwede ang isang come back sa inyong love story, kung single pa. Lucky numbers at color for the day ang 28, 51, 16, 42, 31 at satin white.

GEMINI: (May. 21-Hun. 21) Buuin ang sariling kaligayahan. Kung matutuhan ang magpatawad, hindi maghihirap ang kalooban. Lucky numbers at color for the day ang 22, 47, 38, 12, 55 at dollar green.

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) Piliin ang payong pakikinggan, dun ka sa taong tunay na nagmamalasakit sa'yo. Lumayo sa tsismoso. Lucky numbers at color for the day ang 47, 36, 53, 15, 21 at sky blue.

LEO: (Hul. 23-Ago. 22) Magpa-aura cleansing. Maaalis ang sumpa ng kahirapan. Maaakit ang help people na masasandalan. Lucky numbers at color for the day ang 28, 52, 16, 36, 47 at tangerine.

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) Manunumbalik ang sigla na inagaw ng karanasang 'di matanggap. Ipokus ang sarili sa bagay na happy ka. Lucky numbers at color for the day ang 12, 25, 45, 33, 52 at duhat purple.

## Taliban ask to participate in UN General Assembly session

UNITED NATIONS – The Taliban has sent a letter to the United Nations requesting to attend General Assembly meetings and fielded spokesman Suhail Shaheen as a candidate for UN ambassador.

Amid disputes over who will represent Afghanistan at the international body, the Taliban said in the letter addressed to the office of the UN secretary-general that it should be represented at the UN, not by the ambassador under former President Ashraf Ghani's government.

According to UN sources contacted by Anadolu Agency, Antonio Guterres received a communication with the letterhead "Islamic Emirate of Afghanistan, Ministry of Foreign Affairs" dated Sept. 20.

The letter was signed by "Ameer Khan Muttaqi" as "Minister of Foreign Affairs" and requested to participate in the 76th session of the UN General Assembly from Sept. 21-27.

After countries send their candidates' names for ambassador, the candidates are approved by the UN General Assembly Credentials Committee.

Currently, UN envoy Ghulam Isaczai of the former government represents Afghanistan. (Anadolu)



PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 20 NO. 30 SEPTEMBER 20 - 26, 2021 P10.00

# PAGSUSUOT NG VACCINE CARDS BILANG ID, NAIS ISULONG NG DILG

Tinitignan ng Department of Interior and Local Government (DILG) ang panukalang pagsusuot ng vaccine cards ng mga tumanggap na ng bakuna sa tuwing sila ay lalabas ng kanilang mga tahanan.

Iminungkahi ni Interior Undersecretary for Barangay Affairs Martin Dino nitong Miyerkules sa isang briefing ang naturang pagsusuot ng vaccination cards na siya mismo ang nagpakita habang suot-suot ang kaniyang sariling vaccination ID card.

"This will hopefully be a sacrifice from all vaccinated Filipinos: If you are already vaccinated, once you go out your home, wear your vaccination card," ayon kay Interior Undersec. Dino.

Aniya, nais niyang maipahayag ang nasabing mungkahi patungkol sa pagsusuot ng vaccine cards sa Inter-Agency Task Force on Emerging Infectious Diseases (IATF-EID).

"How will you know someone is not vaccinated if they are not wearing their vaccination card? When you leave the house you won't be bothered by the police or the barangay watchmen anymore, they won't ask you where your vaccination card is if you're wearing it on your chest," dagdag niya.

## MATAAS NA KALIDAD NG MGA FACE SHIELDS ANG IPINAMAHAGI SA MGA HCWs - DOH

DOH announced yesterday, September 25, that PPEs or protective personal equipment specifically the face shields they distribute to healthcare workers (HCWs) are good and of high quality.

"As far as DOH is concerned, whatever we were able to deliver to all of our healthcare workers are in good condition." saad ni DOH Undersecretary Maria Rosario Vergeire sa idinaos na public briefing kahapon.

According to Vergeire, DOH allegedly does not accept defective equipment and supplies.

This was announced by the DOH official after an unnamed witness revealed the trust made by Pharmally Pharmaceutical Corporation where DOH allegedly received substandard face shields.

Substandards and repacked face shields have been distributed to HCWs.

Witness also confirmed they changed the expiry date stickers to face shields.

Vergeire explained to the public that medical grade face shields also have shelf-life where the foams placed on the top of the face shields are first destroyed to protect our foreheads.

"We have to validate if these deliveries were really substandard. We just leave it to our legislators and let's wait for the results of their investigation." dagdag pa ng opisyal ng DOH.




## DOH, SINIMULAN ANG OPERASYON NG 'ONE HOSPITAL COMMAND CENTER' SA CALABARZON

Nagsimula na ang operasyon ng One Hospital Command Center (OHCC) sa CALABARZON, na layon ay mapaigting ang sistemang medikal ng rehiyon sa gitna ng banta ng COVID-19 Delta variant.

Ipinaliwanag ni Dr. Eduardo Janairo, DOH-Calabarzon director na sa pamamagitan ng OHCC ay magiging "well-coordinated" ang response at referral system ng COVID-19 cases sa buong rehiyon.

"We have established the OHCC in which we have a link to the health and medical services of our regional hospitals, particularly the Southern Tagalog Regional Hospital in Cavite and the Batangas Medical Center in Batangas," ani Janairo sa isang pahayag na inilabas noong Linggo ng DOH-Calabarzon.

"Included in this network are the large public hospitals in the provinces of Laguna, Quezon, and Rizal to provide necessary health services to residents who test positive for the COVID-19 virus."

Sa kasalukuyan ay nangunguna sa listahan ang lalawigan Laguna na may 102 Delta cases mula sa local transmission na sinundan ng Cavite, 82; Rizal, 78; Batangas, 52; Quezon, 28; at Lucena City, 13.

# LIBRENG MGA SISIW, IPINAMAHAGI SA MGA RAISER SA KAWIT

Namahagi ang Department of Agriculture ng mga sisiw sa mga poultry raiser sa bayan ng Kawit.

Ayon sa ulat ng PIA Cavite, tumanggap ng tig-50 alagang sisiw ang bawat benepisyaryo kasama ang libreng feeds, vitamins, at cage construction materials.

Inaasahan na makatutulong ang proyekto upang maging dagdag hanapbuhay sa gitna ng kasalukuyang krisis pangkalusugan.



## BAMBOO PLANTING ????

Nagtanim ang Provincial Environment and Natural Resources Office (PENRO) ng 100 kawayang tinik sa gilid ng Cañas River sa lungsod ng Trece Martires noong Setyembre 21.

Ang naturang aktibidad ay pinangunahan ng 50 boluntaryo mula sa Barangay Conchu, Ciudad Adelina Homeowners Association (HOA), at ilang kabataan at senior citizen sa lugar.

Binigyang diin rin ng PENRO ang kahalagahan ng pagtatanim ng kawayan na maaaring pagkunan ng hanapbuhay ng mga residente.

ARMYNAVY
BURGER + BURRITO

Angel's
HAMBURGER
Ang Burger ng Bayan